METER READING DONE IN MAY
0% INSTALLMENT PLAN ANNOUNCED

Dear Valued Customer:

Para makagaan sa inyong mga bayarin, lahat ng electric bills na due mula March 1 hanggang May 31, 2020, ay hindi muna kailangan bayaran agad. Ito'y alinsunod sa ERC Advisory noong May 22 at sa mga pahayag ng Meralco.

Ang inyong monthly installment plan ay depende sa inyong konsumo noong February 2020:

Feb 2020 consumption	Installment Plan
200 kWh and below	6-month installment, due every 15th of the month, June to November 2020
201 kWh and above	4-month installment, due every 15th of the month, June to September 2020

Halimbawa para sa 200 kWh and below:

March - P1,500
April - P1,650
May - P2,250

} Ang P5,400 ay hahatiin sa anim na monthly installments na tig-P900 kada 15th ng buwan.

Total - **P5,400** total billing sa 3 buwan na ECQ

Ang inyong regular June bill ay hindi kasama sa installment plan. Ito'y kailangang bayaran nang buo sa June 30.

Sa halimbawang ito, ang magiging bayarin ninyo sa susunod na anim na buwan (installment + regular monthly bill) ay ganito:

Sample computation	Jun	Jul	Aug	Sep	Oct	Nov	Dec
March, April and May bills paid in installment every 15th of the month	900	900	900	900	900	900	No Installment
Regular monthly bill, payable based on bill due date	2,100 Payable on June 30	2,000	1,800	1,500	1,500	1,500	1,600
Total payable every month	3,000	2,900	2,700	2,400	2,400	2,400	1,600

Bakit Mataas ang Inyong May Bill?

Dahil hindi kami nakapag-meter reading dulot ng ECQ, ang ilang March at April bills ay naging estimated base sa inyong average daily consumption sa nakaraang tatlong buwan. Ito'y naaayon sa Distribution Services and Open Access Rules (DSOAR) ng Energy Regulatory Commission (ERC).

Ang basehan ng aming estimate ay ang nakalipas na 3 buwan (December 2019, January 2020, at February 2020) na itinuturing na "low consumption" months dahil mas malamig ang panahon kumpara sa mga maiinit na buwan ng March, April, at May 2020.

Nakapag-meter reading na po kami at ang inyong actual consumption na ang naka-print sa inyong May bill. Dahil maaaring ang inyong May bill ay mas mataas kumpara sa nakaraang buwan, gusto naming magbigay-kaalaman tungkol dito**.**

Ang inyong bill ay maaaring naapektuhan ng mga sumusunod:

1. Mas mataas na konsumo during ECQ
Mas maraming naglalagi sa bahay kaya maaaring mas madalas at mas matagal ang paggamit ng mga appliances tulad ng TV, electric fan, computer, game console, at air conditioner. Ang refrigerator ay maaaring binubuksan din nang mas madalas.

2. Mainit na panahon na nagpapataas ng konsumo
Kapag mainit sa labas, ang mga appliances na may compressors tulad ng aircons at refrigerators ay mas nahihirapan. Kaya kahit hindi humaba o dumalas ang paggamit sa mga ito, ang konsumo nito ay mas mataas. Sa pag-aaral ng Meralco Power Lab, tumataas nang 25% to 40% ang electricity consumption habang panahon ng tag-init kahit hindi nadagdagan ang oras ng paggamit nito. At kung mas madalas o mas mahaba ang oras ng gamit nito, mas tataas pa lalo ang konsumo.

3. Ang konsumong hindi naisama sa March at April bills ay kasama na sa inyong May bill. (Please see chart 1)

***Chart 1*: Typical 200 kWh residential household consumption (Bill cycle: Every 19th of the month)**



	Dec	Jan	Feb	Mar	Apr	May
Actual Reading	**1,220**	**1,400**	**(B) 1,600**			**(A) 2,350**
kWh consumption	**220**	**180**	**200**	**189***	**194***	**750**

**estimated*

Paano kuwentahin ang inyong konsumo sa May Bill?

Step 1: Makikita sa likod ng February at May bills ang Present Reading at Previous Reading for the month. Gamitin ang formula na Present Reading of May bill (A) minus Present Reading of February bill (B).

(These were the last 2 actual readings of Meralco)

Present Reading of May bill (A)	2,350 kWh
Present Reading of Feb bill (B)	- 1,600 kWh
Difference	**750 kWh**

Step 2: Compute your March and April estimated billing.

Formula:

$$\text{Estimated bill (N)} = \left(\frac{\text{Total past 3 months consumption}}{\text{Total Bill Days}}\right) \times \text{N Bill Days}$$

To compute for March:

$$\text{March bill (x)} = \left(\frac{220 + 180 + 200}{30 + 31 + 31}\right) \times 29 \text{ bill days} = 189 \text{ kWh}$$

To compute for April:

$$\text{April bill (y)} = \left(\frac{180 + 200 + 189}{31 + 31 + 29}\right) \times 31 \text{ bill days} = 194 \text{ kWh}$$

Step 3: Gamit ang difference na nakuha sa Step 1, you can compute for your May kWh consumption.

Difference from A and B	750 kWh
Less (March estimate)	- 189 kWh
Less (April estimate)	- 194 kWh
May Consumption	**367 kWh**

* May consumption already includes your actual May consumption and catch up for March and April.

Bill Date	Start	End	Bill Days	Consumption
Dec 2019	11/20/19	12/19/19	30	220
Jan 2020	12/20/19	1/19/20	31	180
Feb 2020	1/20/20	2/19/20	31	200
Mar 2020	2/20/20	3/19/20	29	**x**
Apr 2020	3/20/20	4/19/20	31	**y**

Maaaring may pagkakataon din na mas mababa ang inyong May bill kumpara sa March at April estimated bills, dahil wala kayo sa bahay o kaya ay sarado ang iyong negosyo. Ang May bill ay based on actual reading na, kaya ano mang sobrang na-bill ay adjusted na.

Sinisiguro po namin na tanging aktwal ninyong konsumo ang nabi-bill sa inyo, ayon sa aktwal na meter reading.

Para sa dagdag-kaalaman tungkol sa inyong bill, magtungo sa www.meralco.com.ph/understandingyourmaybill

Mahirap po talaga ang naging kalagayan para sa lahat dahil sa COVID-19 pandemic. Hindi po inaasahan at napaghandaan ng nakakarami, tulad namin, ang sitwasyong ito at ang kasamang hirap sa meter reading at billing. Nais naming maging patas at tapat at makatulong sa aming mga customer. Nais din naming humingi ng paumanhin sa anumang abala na naidulot nito. Kung mayroon po kayong iba pang katanungan or pag-aalinlangan, tawagan o i-message kami sa mga paraang nakalista dito.

Sincerely,

Meralco